Impormasyon para sa Kaligtasan (Safety Data Sheet)

Ang nilalaman at ayos ng SDS na ito ay alinsunod sa pamantayan ng GHS.

1. Pagkilala sa substansiya/paghahanda at sa kumpanya/pagsasagawa

.Pangalan ng produkto: Microscopes-Immersion likido para sa Banayad na Microscopy

.Pangalan ng Modelo: IMMOIL-8CC, IMMOIL-500CC

.Inirerekomendang paggamit ng kemikal at mga paghihigpit sa paggamit: Langis para sa mikroskopyo, langis-pagsasawsaw layunin lenses. HUWAG ito gamitin sa paraan kung saan maaari nitong makontamina ang pagkain o makapinsala sa kalusugan ng tao.

.Tagagawa/Taga-supply: OMNIBUS BIO-MEDICAL SYSTEMS

.Address: 220B Wilson St., Greenhills, San Juan, Metro Manila, PHILIPPINES

Telepono: 63-2-727-1058

Fax: 63-2-722-4605

Email: sales@omnibus.ph

.Makukuha ang karagdagang impormasyon mula sa: OMNIBUS BIO-MEDICAL SYSTEMS

.Impormasyon kung sakaling magkaroon ng emerhensiya:

Telepono: 63-2-727-1058

2. Pagkilala sa mga panganib

.Pag-uuri ng GHS ayon sa Apendiks Ⅱ:

Mga pisikal na panganib	Mga panganib sa kalusugan	Mga panganib sa kalikasan
Mga maaaring sumabog-hindi nauri Mga gas na maaaring magliyab-hindi nauri Mga aerosol na maaaring magliyab-hindi nauri Mga gas na may presyon-hindi nauri Mga likido na maaaring magliyab-hindi nauri Mga matitigas na bagay na maaaring magliyab-hindi nauri Mga substansiya at halo na maaaring magkaroon ng reaksyon sa sarili-hindi nauri Mga likido na maaaring mag-apoy-hindi nauri Mga matitigas na bagay na maaaring mag-apoy-hindi nauri Mga substansiya at halo na maaaring uminit mag-isa-hindi nauri	Maikling panahon na pagkalason (kapag ininom)-hindi nauri Maikling panahon na pagkalason (sa balat)-hindi nauri Maikling panahon na pagkalason (kapag nalanghap)-hindi nauri Pagkaagnas o pangangati sa balat-hindi nauri Matinding pinsala o pangangati sa mata-hindi nauri Nagdudulot ng alerhiya sa paghinga-hindi nauri Nagdudulot ng alerhiya sa balat-1 Nagdudulot ng pagbabago sa germ cell-hindi nauri Lumilikha ng kanser-hindi nauri Nakakalason sa pag-aanak-hindi nauri Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang nag-iisang pagkakalantad-2	Matinding mga panganib sa kapaligiran ng mga nabubuhay sa tubig-2 Pangmatagalang mga panganib sa kapaligiran ng mga nabubuhay sa tubig-2 Mapanganib sa ozone layer -hindi nauri

Mga substansiya at halo, na kapag nadikit sa tubig, ay maglalabas ng mga gas na maaaring magliyab-hindi nauri Mga likido na maaaring humalo sa oxygen (oxidizing liquids)-hindi nauri Mga matitigas na bagay na maaaring humalo sa oxygen (oxidizing solids)-hindi nauri Mga organikong peroxide-hindi nauri Maaaring magdulot ng pagkaagnas ng mga bakal-hindi nauri	(bato) Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang paulit-ulit na pagkakalantad-2 (bato, adrenal gland, atay) Panganib na malanghap-hindi nauri Mga epekto sa o sa pamamagitan ng paggagatas-hindi nauri	

.Hudyat na salita: Babala

.Simbolo:

.Pahayag ng Panganib:

H317: Maaaring maging sanhi ng alerhiyang reaksyon sa balat.

H371: Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ (bato)

H373: Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ (bato, adrenal gland, atay) sa pamamagitan ng pinatagal o paulit-ulit na pagkakalantad.

H411: Nakakalason sa kapaligiran ng mga nabubuhay sa tubig na may pangmatagalang mga epekto.

.Mga Pahayag para sa Pag-iingat:

P260: Huwag langhapins ang alikabok/usok/gas/singaw/spray.

P264: Hugasan nang maigi ang mga kamay pagkatapos na hawakan.

P270: Huwag kumain, uminom o manigarilyo kapag ginagamit ang produktong ito.

P272: Nakontamina na kasuotang pantrabaho ay hindi dapat pahintulutan sa labas ng lugar ng trabaho.

P273: Iwasan ang pagpapasingaw sa kapaligiran.

P280: Magsuot ng proteksyong guwantes/proteksyong kasunotan/proteksyon sa mata/proteksyon sa mata.

.Mga Pahayag ng Pagtugon sa Pag-iingat:

P302+352: KUNG NASA BALAT: Hugasan gamit ang sabon at tubig.

P333+313: Kung may iritasyon sa balat o pagpapantal: Kumuha ng medikal na payo/pagpapatingin.

P363: Labahan muna ang nakontamina na damit bago gamitin ang mga ito.

P309+311: KUNG malantad o hindi maganda ang inyong pakiramdam: Tumawag sa POISON CENTER o sa doktor/manggagamot.

P314: Kumuha ng medikal na payo/pagpapatingn kung hindi maganda ang inyong pakiramdam.

P391: Kolektahin ang tumulo.

.Mga pahayag ng pag-iingat sa pagtatago:

P405: Nakakandado ang tindahan.

.Mga pahayag sa pag-iingat sa pagtatapon:

P501: Itapon ang mga nilalaman/sisidlan na naaayon sa lokal at pambansang mga regulasyon.

3. Nilalaman o impormasyon na nasa mga sangkap

Paglalarawan sa produkto: substansiya (); paghahanda o halo (√)

Mga Sangkap	CAS #	EC #	% ayon sa timbang
4-(1-phenylethyl)-o-xylene	6196-95-8	228-249-2	40%
1,4-Dimethyl-2-(1-phenylethyl) benzene	6165-51-1	228-201-0	
4-(1-phenylethyl)-m-xylene	6165-52-2	228-202-6	
Ethyl(phenylethyl) benzene	64800-83-5	265-241-8	
Iba pang mga sangkap (hindi mapanganib) Other ingredients (non-hazardous) Kalakalan mga lihim at pansarili Trade secret and proprietary	-	-	60%

4. Mga hakbang para sa pangunang lunas

Ang mga taong gumagamit ng produktong ito ay dapat kumonsulta sa isang doktor o ibang medikal na propesyonal kung magkakaroon ng aksidente na kasasangkutan ng produktong ito sa isang pinsala. Ang mga partikular na hakbang para sa pangunang lunas ay ang mga sumusunod:

.Pagkakadikit sa Mga Mata: Itaas kaagad ang mga talukap ng mata at banlawan ng maraming tubig para sa ilang minuto. Alisin ang mga contact lens, kung mayroon at kung madaling gawin. Patuloy na hugasan. Kung magpapatuloy ang iritasyon, magpatingin sa doktor.

.Pagkakadikit sa Balat: Hugasan ng may tubig at sabon. Kung magkakaroon ng iritasyon, magpatingin sa doktor.

.Paglanghap: Alisin sa sariwang hangin. Tumawag sa isang CENTER PARA SA LASON o doktor kung magiging masama ang iyong pakiramdam.

.Paglunok: Agad na pilitin na sumuka at magpahinga at magpatingin kaagad sa doktor. Magmumog at hugasan ang bibig.

.Masamang epekto at naantalang epekto: Talamak na epekto: Ang produktong ito ay maaaring magdulot ng alerhiya na reaksyon sa balat at maaaring maging sanhi ng pinsala sa bato. Naantalang epekto: Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ (bato, adrenal gland, atay) sa pamamagitan ng pinatagal o paulit-ulit na pagkakalantad.

.Personal na kagamitang pamproteksyon: Magsuot ng proteksyong guwantes/proteksyong kasunotan/proteksyon sa mata/proteksyon sa mata. Magsuot ng mga respirator at safety goggles kapag maaaring matalamsikan ng likido o nalampasan ang mga limitasyon sa pagkakalantad.

5. Mga hakbang para patayin ang sunog

.Mga Gamit na Pamatay-Sunog: Fire foam, carbon dioxide o tuyong kemikal na powder.

.Hindi naaangkop na Gamit na Pamatay-Sunog: Water jet mula sa matinding presyon ng hose ng tubig ay maaaring maghandton sa pagkakalat ng sunog sa palibot.

.Espesyal na Panganib: Ang produktong ito ay lumiliyab pero hindi madaling magdingas. Ang nakakalason na gas at/o usok ay maaaring malikha mula sa pagkasunog.

.Espesyal na Paraan para Patayin ang Sunog:

Sa unang sunog, gumamit ng tuyo na powder, carbon dioxide, atbp.

Sa malalaking sunog, mabisang gumamit ng fire foam, atbp para masara ang supply ng hangin.
Ang mga bumbero ay dapat gumamit ng kumpleto at independiyenteng aparato na nakakahinga at kumpletong kagamitang pamproteksyon (hal. hindi nasusunog na pananamit).
Huwag pahintulutan na makapasok sa lugar kung saan may sunog.
Alisin ang mga sisidlan mula sa lugar ng sunog kung magagawa kung magagawa it nang hindi nanganganib.
Malalamig na pumapaligid na pasilidad, atbp. na may spray ng tubig.
Patayin ang sunog mula sa salungat na hangin, at ang paraan ng pagpapatay sa sunog ay dapat na angkop sa situwasyon ng kapaligiran.

6. Mga hakbang para sa mga hindi sinasadyang paglabas ng mga mapanganib na bagay

.Mga personal na pag-iingat:
Magsuot ng kagamitang pamproteksyon para maiwasan ang anumang pagkakahawa o pagkakadumi sa balat, mata at personal na damit.
Alsin ang mga mapagsisimulan ng ningas at nagkakaloob ng sapat na bentilasyon.
Umalis sa mapanganib na lugar o makipagkonsulta sa isang eksperto kung kinakailangan.
.Mga Pag-iingat para sa Kalikasan: Palaging linisin ang mga dumadaloy mula sa mga alkantarilya ng munisipyo at mga bukas na mga anyong tubig. Sumunod sa mga lokal at pambansang batas at regulasyon.
.Mga Hakbang para sa Paglilinis o Pangongolekta:
Kaunting Tumapon:
I-mop o punasan gamit ang isang hindi umaandag na tuyong materyal (hal. buhangin, tuyong lima) at ilagay sa angkop na naka-etiketang lalagyan ng basura.
Maraming Natapon:
Para sa maraming natapon, dikihan nang lupa at buhangin, atbp. para maiwasan ang dagdag na pagtapon at matakpan ang tumapong likido ng foam at kolektahin sa isang
walang laman na sisidlan hangga't maaari. Ibaba ang lahat ng mga kagamitan na ginagamit kapag may natapon. Pahintuin ang pagtulo kung magagawa ito nang walang panganib.

7. Paghawak at pagtatago

.Paghawak:
Ilayo mula sa lahat ng mga pinagmumulan ng ningas tulad ng bukas na dingas, static dischard, mga kislap ng kuryente, atbp.
Gumamit ng mga hindi kumikislap na kagamitan.
Huwag langhapin o lunukin.
Iwasan ang mapadapo o matalsikan sa mata at balat.
Iwasan ang tulo.
Gamitin sa labasan lang o sa isang lugar na may mainam na daloy ng hangin.
Hugasan nang maigi ang mga kamay pagkatapos hawakan ang mga ito.
Nakontamina na kasuotang pantrabaho ay hindi dapat pahintulutan sa labas ng lugar ng trabaho.

.Pagtatago:
Ilagay sa baba ang lahat ng mga sisidlan at gumamit ng mga kagamitan na hindi kumikislap.

Ilayo mula sa nago-oxidize na agent.
Nakakandado ang tindahan.
Panatilihin na maigpit na nakasara ang sisidlan at itabo sa isang lugar na may mainam na bentilasyon.
Ang storeroom o bodega ay dapat na may laman na mga wastong pasilidad para sa hindi sinasadyang pagtulo o pagkatapon.

8. Mga pamamahala sa pagkakalantad o personal na proteksyon

Kontrol parameter:

Mga Sangkap	OSHA PEL-TWA	ACGIH TLV-TWA
4-(1-phenylethyl)-o-xylene	Hindi itinatag	Hindi itinatag
1,4-Dimethyl-2-(1-phenylethyl) benzene	Hindi itinatag	Hindi itinatag
4-(1-phenylethyl)-m-xylene	Hindi itinatag	Hindi itinatag
Ethyl(phenylethyl) benzene	Hindi itinatag	Hindi itinatag

.Mga Pamamahala na Pang-inhinyero:

Hawakan lang ang produkto sa ilalim ng mga kondisyon na may sapat na daloy ng hangin.
Magkabit ng panghugas sa mata at safety shower malapit sa lugar ng handling at storage.

.Mga Personal na Kagamitang Pamproteksyon (para sa mga manggagawa):

.Proteksyon ng Mga Kamay:

Magsuot ng mga guwantes pamproteksyon na hindi tinatablahan ng langis.

.Proteksyon ng mga Mata:

Walang mga espesyal na kinakailangan sa ilalim ng mga normal na kondisyon. Magsuot ng mga pangkaligtasang salamin kapag maaaring tumilamsik ang likido.

.Proteksyon sa Paghinga:

Gumamit ng isang aprubadong respirator kung ang hangganan ng pagkakalantad ay lalampas o kung magkakaroon ng iritasyon o ibang mga sintomas.

.Proteksyon ng Katawan:

Magsuot ng mga guwantes pamproteksyon na hindi tinatablahan ng langis at damit.

.Mga pangkalahatang hakbang na pamproteksyon at pangkalinisan:
Ilayo sa mga pagkain, inumin at pakain.
Hugasan ang mga kamay bago magpahinga at pagkatapos ng trabaho.
Iwasan ang mapadapo o matalsikan sa mata at balat.

9. Mga katangiang pisikal at kemikal

Pangkalahatang impormasyon	
Anyo	Medyo malagkit na likido
Kulay	Walang kulay at walang amoy
Amoy	Bahagyang amoy
Halaga ng PH	Walang makukuhang data
Saklaw para sa Kumulo	≥200°C (saklaw ng distilasyon)
Punto o Saklaw para Matunaw	Walang makukuhang data
Punto ng pagliyab	154°C
Mga Hangganan na Maaaring Magliyab o Sumabog-Mababang % ayon sa Dami	Walang makukuhang data
Mga Hangganan na Maaaring Magliyab o Sumabog-Mataas na % ayon sa Dami	Walang makukuhang data
Kaugnay na densidad	0.918g/cm^3 (15°C)
Kaugnay na densidad ng singaw	Wala
Presyon ng singaw	Wala
Densidad ng singaw	≥1.0 (himpapawid=1)
Maaaring matunaw	Halos hindi natutunaw sa tubig
n-octanol/tubig partisyon koepisyent	Walang makukuhang data
Temperatura sa awtomatikong pagsunog	≥300°C
Temperatura sa pag-agnas	Walang makukuhang data
Value ng Limitasyon sa Amoy	Walang makukuhang data
Kalagkitan	Walang makukuhang data
Antas ng Pagsingaw	Walang makukuhang data
Kakayahang masunog (solid, gas, atbp.)	Ang produktong ito ay hindi nauuri bilang isang likido na nasusunod ayon sa kriterya ng GHS.

10. Hindi nagbabago at kakayahang magkaroon ng reaksyon

.Reactivity at katatagan: Ang produktong ito ay matuturing na matatag at hindi reactive sa ilalim ng normal at inaasahang pagtatabi at pangangasiwa na mga kondisyon.
.Posibilidad ng Mapanganib na Mga Reaksyon: Walang makukuha sa ngayon na impormasyon.
.Mga Kondisyon na Dapat Iwasan: Ang pinagmumulan ng sunog tulad ng mga maiinit na patungan, mga kislap, at bukas na dingas, atbp.

.Mga materyales na dapat iwasan: Malakas na oxidizer.

.Mga Mapanganib na Produktong Maaaring Mabulok: Ang nakakalason na gas at/o usok ay maaaring malikha mula sa pagkasunog.

11. Impormasyon hinggil sa Pagkakalason dito

.Datos tungkol sa antas ng Lason: Ang datos tungkol sa antas ng lason ng produktong ito ay hindi nalaman sa pamamagitan ng pagsubok o pananaliksik, nguni't sa pinakamahusay naming kaalaman, ang produktong ito ay hindi nakakalason. Ang datos tungkol sa antas ng lason ng mga sangkap na ipinapakita sa ibaba ay para sa sanggunian lamang.

(Mga) Sangkap	**CAS#**	**Dosis o Konsentrasyon na Maaaring Makamatay sa 50 porsiyento ng sinubukang mga hayop (LD50/LC50)**
Produkto	--	Iinuming Dosis na Makakamatay sa kalahati ng sinubukang mga hayop (LD50)＞2,000mg/kg (daga)
Halo ng apat na mga substances	--	Matinding pagkakalason (Oral) LD50: 1,940mg/kg (dagang malaki, lalaki) Matinding pagkakalason (Oral) LD50: 2,200mg/kg (dagang malaki, babae) Matinding pagkakalason (Nalanghap) LC50＞1.8g/m^3

.Matinding pinsala o iritasyon sa mata: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Pagkaagnas o iritasyon ng balat: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Nagdudulot ng alerhiya sa Paghinga o Balat: Patuloy o paulit-ulit na pagkakadapo sa balat ay maaaring maging sanhi ng lubos na banayad na allergic dermatitis sa mga tao.

.Nagdudulot ng pagbabago sa germ cell: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Nagdudulot ng kanser: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Antas ng Lason sa Pag-aanak: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang nag-iisang pagkakalantad

Ika-2 Kategorya - Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ (bato)

Para sa sangkap 1,4-Dimethyl-2-(1-phenylethyl) benzene (CAS: 6165-51-1), ipinapakita sa data ng pananaliksik na bumaba ang pagtaas sa timbang ng katawan sa 1,000 mg/kg o mas mataas na mga antas ng dosis, at ang mga epekto sa bato sa 2,000 mg/kg o mas mataas na antas ng dosis ay naobserbahan sa daga na may iisang oras na dosis na pag-aaral

Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang paulit-ulit na pagkakalantad

Ika-2 Kategorya-Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ (bato, adrenal gland, atay) sa pamamagitan ng pinatagal o paulit-ulit na pagkakalantad..

Para sa sangkap 1,4-Dimethyl-2-(1-phenylethyl) benzene (CAS: 6165-51-1), mga epekto sa bato, adrenal at atay ay naobserbahan sa pinagsamang paulit na dosis na pagkakalason na pag-aaral kasama ng reproduksyon / pagbubu ng pagsusuri sa pagkakalason na pagsubok

(oral na dosis na pag-aaral sa mga adulto na daga).

LOAEL = 12.5 mg/kg/day (lalaki) LOAEL = 200 mg/kg/day (babae)

.Panganib na malanghap: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

.Mga epekto sa o sa pamamagitan ng paggagatas: Walang pag-uuri para sa produktong ito.

12. Impormasyon sa Ekolohiya

.Pinsala sa ekolohiya:

Malalan panganib sa kapaligiran ng mga nabubuhay sa tubig -Ika-2 Kategorya , Talamak na panganib sa kapaligiran ng mga nabubuhay sa tubig -Ika-2 Kategorya

Para sa buong produkto, walang kaugnay na data. Ang data na ipinakita sa ibaba ay iyong sa sangkap.

1,4-Dimethyl-2-(1-phenylethyl) benzene (CAS: 6165-51-1): 48h-EC_{50} = 0.25mg/L, Crustacea (Daphnia magna)

.Patuloy na pag-iral at Kakayahang Mabulok: Ang produktong ito ay nabubulok.

.Posibilidad na Maipon sa Organismo: Hindi nakita.

.Kakayahang Gumalaw sa Lupa: Walang kaugnay na data.

.Mga Tala:

Huwag pahintulutang umabot ang produkto sa tubig bukal, daanan ng tubig o sa alkantarilya.

13. Mga dapat isaalang-alang sa pagtatapon

Huwag pahintulutang umabot ang produkto sa alkantarilya.

Huwag ito itapon sa anumang bukas na anyo ng tubig.

Ang pagre-recycle sa basura ay dapat mahigpit na pamahalaan alinsunod sa mga kaugnay na regulasyon.

14. Impormasyon sa Pagdadala

DOT /Pagdadala sa Pamamagitan ng Himpapawid- IATA/ICAO/ Paghahatid sa pamamagitan ng Dagat-IMO/IMDG.:

.Wastong Pangalan ng Pagdadalhan: Mga substance, likido na mapanganib sa kapaligiran (1-Propene, 2-methyl-, homopolymer)

.Uri ng Panganib: 9

.Code ng UN: 3082

.Grupo ng Nagbabalot: III

.Natalagang Pictogram:

.Nagpapadumi sa dagat (Oo/Hindi): Oo

.EMS NO.: F-A, S-F

.Tandaan:

Tingnan kung ang balot ay buo o selyado bago dalhin; tiyakin na walang pinsala at walang mahuhulog na mga pakete habang dinadala; ang sasakyan para sa pagdadala ay mayroon dapat mga kagamitang pampatay ng apoy at mga pang-emerhensiyang pasilidad para sa pamamahala sa inilalabas nito; HUWAG dadalhin ang produktong ito nang may kasamang mga hindi kaayon na substansiya; ilayo mula sa apoy at mga lugar na may mataas na temperatura sa panahon ng mga pansamantalang paghinto.

15. Impormasyon ayon sa regulasyon

.Ang Pilipinas:

.Listahan ng Pilipinas para sa Mga Kemikal na Binibigyang Prayoridad (Philippine Priority Chemicals List o PCL): Ang produktong ito ay walang anumang substansiya na nakalista sa PCL.

.Imbentaryo ng Pilipinas para sa Mga Kemikal at Mga Kemikal na Substansiya (Philippine Inventory of Chemicals and Chemical Substances o PICCS) : Ang lahat ng sangkap ay nakalista sa listahan ng imbentasyo na ito.

.Listahan ng Pag-uutos sa Pagkontrol ng Kemikal (List of Chemical Control Order o CCO) : Hindi naaangkop.

.Listahan ng mga Substansiyang Nakakaubos ng Ozone (Ozone Depleting Substances o ODS): Hindi naaangkop.

.Estados Unidos:

.Batas para sa Pagkontrol sa Nakakalason na Substansiya (Toxic Substance Control Act): Ang lahat ng mga sangkap ng produktong ito ay nakalista Listahan ng Imbentaryo ng Kemikal na Substansiya ng Batas ng Estados Unidos para sa Pagkontrol ng Nakakalason na mga Substansiya.

.Batas sa Malinis na Tubig (Clean Water Act):

Wala sa mga kemikal na nasa produktong ito ang nakalista bilang Mapanganib na mga Substansiya sa ilalim ng CWA.

Wala sa mga kemikal na nasa produktong ito ang nakalista bilang Kinokontrol na mga Nakakadumi sa ilalim ng CWA.

.Mga Kategorya ng Carcinogenicity: Hindi nakalista sa EPA, IARC at NTP.

.EU:

.67/548/EECApendiks Ⅰ : Hindi nakalista.

.Listahan sa Pamamahala ng Apendiks XVII ng Regulasyon ng REACH: Hindi nakalista.

.Listahan sa Pagpapahintulot ng Apendiks XIV ng Regulasyon ng REACH: Hindi nakalista.

.Pagtatasa sa Kaligtasan ng Kemikal: Walang isinagawang Pagtatasa sa Kaligtasan ng Kemikal.

.(EC) 1272/2008 Apendiks VI Talaan 3.1 at 3.2: H317, H371, H373, H401, H411

16. Ibang impormasyon

Pasintabi:

Ang dokumentong ito ay nilikha ng ikatlong partidong serbisyo na nagpatalastas sa Nexreg Compliance, Inc. (Nexreg) espesyalisadong regulatoryong kaalaman at mga kakayahan sa (mga) rehiyon kung saan nakasaad na tumatalima ang dokumentong ito. Naniniwala kaming ang mga pahayag, teknikal na impormasyon, mga pagsasalin at mga rekomendasyon na nilalaman dito ay maaasahan, pero ibinigay ang mga ito nang walang warranty o garantiya na anumang uri. Ang impormasyong nilalaman sa dokumentong ito ay lumalapat sa partikular na materyal na itong ibinigay. Maaaring hindi ito balido para sa materyal na ito kung ginamit na kalangkap ang anumang ibang materyales. Sakaling may alitan tungkol sa pagtalima o nilalaman ng dokumento sisikapin ng Nexreg na magbigay ng makatwirang tulong para lutasin ang problema. Sa dulo nasa gumagamit ang responsibilidad na bigyang-kasiyahan ang sarili kung nababagay at kumpleto ang impormasyong ito para sa sariling partikular na gamit ng gumagamit.

Mga Sanggunian:

GHS Annex Ⅱ

Pagtuturo ng GHS SDS

Ang panghuling Draft ng Administratibong Kautusan Bilang 29 ng DENR (Kagawaran ng Kalikasan at Likas Yaman o

Department of Environment and Natural Resources)

Buong paglalarawan ng ilang mga acronym:

GHS-Pandaigdigang Pinagtugmang Sistema ng Pag-uuri at Paglalagay ng Label sa Mga Kemikal (Globally Harmonized System of Classification and Labelling of Chemicals)
CAS- Tagapanatili ng Listahan ng mga Kemikal na Substansiya (Chemical Abstracts Service)
EINECS-Imbentaryo ng Europa para sa Mga Umiiral na Pang-komersyong Kemikal na Substansiya (European Inventory of Existing Commercial Chemical Substances)
IMO-Internasyonal na Organisasyon na May Kaugnayan sa Dagat (International Maritime Organization)
IMDG-Internasyonal na Mga Mapanganib na Kalakal na May Kaugnayan sa Dagat (International Maritime Dangerous Goods)
IATA-Internasyonal na Samahan para sa Pagdadala sa Himpapawid (International Air Transport Association)
ICAO-Internasyonal na Samahan para sa Sibil na Paglipad sa Himpapawid (International Civil Aviation Organization)
TSCA-Batas sa Pagkontrol sa Nakakalason na Substansiya (Toxic Substance Control Act)
OSHA-Administrasyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration)
ACGIH- Kapulungan ng Amerika sa Pampamahalaang Mga Pang-industriyang Hygienist (American Conference of Governmental Industrial Hygienists)

Ang petsa ng pagkakaloob ng pinakabagong bersyon: Mayo 16, 2014
Bersyon ng SDS: 1.0

**********Ang Wakas **********